

# Aralin sa Filipino

© 2012 Pia Noche, [www.samutsamot.wordpress.com](http://www.samutsamot.wordpress.com)

## Panghalip na Pananong

### Pambungad

Ano ang mga salita na ginagamit mo sa pagtatanong? Marahil ang sagot mo ay ang mga salitang *ano*, *sino*, *saan*, *kailan*, *bakit*, at *paano*. Baka maisipan mo pa ang mga salitang *gaano*, *nasaan*, *kanino*, *alin*, at *ilan*.

Ang mga salitang ito ay ginagamit nga sa pagtatanong. Sa Inggles, ang mga salitang ito ay tinatawag na *interrogative words*, nguni't ilan lang dito ang maituturing mga **panghalip na pananong** o *interrogative pronouns*. Sa katotohanan, may **pang-uring pananong** (*interrogative adjective*), **pang-abay na pananong** (*interrogative adverb*), at **pandiwang pananong** (*interrogative verb*).

Paano natin malalaman kung ang salitang pananong ay panghalip na pananong? Dalawang bagay ang dapat natin malaman.

- Ang salita ba ay ginagamit sa simula o malapit sa simula ng pangungusap na patanong?
- Ang salita ba ay ginagamit bilang pamalit o panghalili sa pangngalan (*noun*), pariralang pangngalan (*noun phrase*), o kapuwa panghalip (*another pronoun*)?

Kung *oo* ang sagot sa dalawang tanong sa itaas, ang salita ay maituturing isang panghalip na pananong.

Ang mga panghalip na pananong sa araling ito ay ang sumusunod: **sino**, **sinu-sino**, **ano**, **anu-ano**, **kanino**, **nino**, at **alin**.

Hindi kasama sa araling ito ang mga salitang pananong na *saan*, *nasaan*, *kailan*, *bakit*, *paano*, at *gaano* dahil ito ay mga pang-abay na pananong o *interrogative adverbs*. Ang *ilan*, *pang-ilan*, at *kumusta* ay mga pang-uring pananong o *interrogative adjectives*.

### Sino at Sinu-sino

Ang **sino** (*who*) ay isang panghalip na ginagamit sa pagtatanong upang maitukoy ang isang tao o pangalan ng isang tao. Dahil ang salitang **sino** ay isang panghalip, ito ay ginagamit bilang pamalit sa mga pariralang pangngalan (*noun phrases*) kung saan ang pangngalan (pangngalang pantangi o pangngalang pambalana) ay tumutukoy sa isang tao. Ang mga pariralang pangngalan na pinapalitan ng **sino** ay nagsisimula sa *si* o *ang*.

Ipinapakita sa mga halimbawa sa ibaba ang pariralang pangngalan na pinapalitan ng panghalip na pananong na **sino**.

Sino ang tatay mo?

Si Ginoong Manuel Gonzalez ang tatay ko./Ang tatay ko ay si Ginoong Manuel Gonzalez.

Sino ang batang umiiyak?

Si Mica ang batang umiiyak./Ang batang umiiyak ay si Mica.

Sino ang tutulong sa atin sa paggawa ng proyekto?

Ang kaibigan ni Adel ang tutulong sa atin sa paggawa ng proyekto./

Ang tutulong sa atin sa paggawa ng proyekto ay ang kaibigan ni Adel.

Sino ang susundo sa iyo bukas?

Ang kuya ko ang susundo sa akin bukas./Ang susundo sa akin bukas ay ang kuya ko.

Sino ang nagbigay sa iyo ng gamot?

Ang doktor ang nagbigay sa akin ng gamot./Ang nagbigay sa akin ng gamot ay ang doktor.

Ang **sinu-sino** (*who are*) ay isang panghalip na ginagamit sa pagtatanong upang maitukoy ang mga pangalan ng higit sa isang tao. Dahil ang **sinu-sino** ay isang panghalip, ito ay ginagamit bilang pamalit sa mga pariralang pangngalan (*noun phrases*) kung saan ang mga pangngalan (pangngalang pantangi o pangngalang pambalana) ay tumutukoy sa higit sa isang tao. Ang mga pariralang pangngalan na pinapalitan ng **sinu-sino** ay nagsisimula sa *sina* o *ang mga*.

Ipinapakita sa mga halimbawa sa ibaba ang pariralang pangngalan na pinapalitan ng panghalip na pananong na **sinu-sino**.

Sinu-sino ang mga kapatid mo?

Sina Samuel, Salud, at Sabrina ang mga kapatid ko./

Ang mga kapatid ko ay sina Samuel, Salud, at Sabrina.

Sinu-sino ang mga dadalo sa salu-salo?

Ang mga kaibigan ko ang mga dadalo sa salu-salo./

Ang mga dadalo sa salu-salo ay ang mga kaibigan ko.

Sinu-sino ang mga tumingin sa pasyente?

Ang doktor at ang nars ang mga tumingin sa pasyente./

Ang mga tumingin sa pasyente ay ang doktor at ang nars.

Maaari rin gamitin bilang panghalili sa panghalip na panao ang mga panghalip na **sino** at **sinu-sino**.

Sino ang pinsan mo?

Siya ang pinsan ko./Pinsan ko siya.

Sinu-sino ang mga kalaro ni Justin?

Sila ang mga kalaro ni Justin./Ang mga kalaro ni Justin ay sila.

### **Ano at Anu-ano**

Ang **ano** (*what*) ay isang panghalip na ginagamit sa pagtatanong tungkol sa isang bagay o pangngalan na hindi tao. Dahil ang **ano** ay isang panghalip, ito ay ginagamit bilang pamalit sa mga pariralang pangngalan (*noun phrases*) kung saan ang pangngalan (pangngalang pantangi o pangngalang pambalana) ay hindi tao at iisa lang. Ang mga pariralang pangngalan na pinapalitan ng **ano** ay nagsisimula sa *ang*.

Ipinapakita sa mga halimbawa sa ibaba ang pariralang pangngalan na pinapalitan ng panghalip na pananong na **ano**.

Ano ang pinakamalaking hayop na nakatira sa lupa?

Ang elepante ang pinakamalaking hayop na nakatira sa lupa./

Ang pinakamalaking hayop na nakatira sa lupa ay ang elepante.

Ano ang kapital ng Ilocos Sur?

Ang Lungsod ng Vigan ang kapital ng Ilocos Sur./

Ang kapital ng Ilocos Sur ay ang Lungsod ng Vigan.

Ano ang ipinagdiriwang tuwing ika-30 ng Nobyembre?

Ang Araw ni Bonifacio ang ipinagdiriwang tuwing ika-30 ng Nobyembre./

Ang ipinagdiriwang tuwing ika-30 ng Nobyembre ay ang Araw ni Bonifacio.

Ang **anu-ano** (*what are*) ay isang panghalip na ginagamit sa pagtatanong tungkol sa anumang pangngalan na humihigit sa isa at hindi tao. Dahil ang **anu-ano** ay isang panghalip, ito ay ginagamit bilang pamalit sa mga pariralang pangngalan (*noun phrases*) kung saan ang mga pangngalan (pangngalang pantangi o pangngalang pambalana) ay hindi tao at humihigit sa isa. Ang mga pariralang pangngalan na pinapalitan ng **anu-ano** ay may serye ng mga pangngalan o nagsisimula sa *ang mga*.

Ipinapakita sa mga halimbawa sa ibaba ang pariralang pangngalan na pinapalitan ng panghalip na pananong na **anu-ano**.

Anu-ano ang mga hayop na nakatira sa Aprika?

Ang leon, elepante, dyirap, at sebra ang mga hayop na nakatira sa Aprika./

Ang mga hayop na nakatira sa Aprika ay ang leon, elepante, dyirap, at sebra.

Anu-ano ang mga gamit na naimpake mo na?

Ang mga damit at mga sapatos ang mga gamit na naimpake ko na./

Ang mga gamit na naimpake ko na ay ang mga damit at mga sapatos.

Maaari rin gamitin bilang panghalili sa mga panghalip na pamatlig na *ito*, *iyon*, at *iyon* ang panghalip na **ano**. Ang **anu-ano** naman ay ginagamit bilang panghalili sa *ang mga ito*, o *ang mga iyan*, at *ang mga iyon*.

Ano ang kakainin mo?

Ito ang kakainin ko./Ang kakainin ko ay ito.

Anu-ano ang dadalhin mo?

Ang mga ito ang dadalhin ko./Dadalhin ko ang mga ito.

## **Kanino at Nino**

Ang **kanino** (*whose*) ay isang panghalip na ginagamit sa pagtatanong kung sino ang may-ari ng isang bagay. Minsan ay ginagamit din ang panghalip na **kani-kanino** kung higit sa isang tao ang nagmamay-ari ng higit sa isang bagay.

Dahil ang **kanino** ay isang panghalip, ito ay ginagamit bilang pamalit sa mga pariralang pangngalan (*noun phrases*) kung saan ang pangngalan ay isang tao lamang. Ang mga pariralang pangngalan na pinapalitan ng **kanino** ay nagsisimula sa *kay*. Ang **kani-kanino** naman ay ginagamit bilang pamalit sa pariralang pangngalan na nagsisimula sa *kina* (pinaikling *kanila*).

Ipinapakita sa mga halimbawa sa ibaba ang pariralang pangngalan na pinapalitan ng panghalip na pananong na **kanino** o **kani-kanino**.

Kanino ang aklat na ito?

Kay Editha ang aklat na iyan./Ang aklat na iyan ay kay Editha.

Kani-kanino ang mga bag?

Kina Jet, Jake, at Jason ang mga bag./Ang mga bag ay kina Jet, Jake, at Jason.

Ang salitang **kanino** ay maaari rin gamitin bilang panghalili sa panghalip na panao na nagsasaad ng pag-aangkin (o pagmamay-ari) ng isang bagay tulad ng *akin, iyo, atin, amin, kaniya, at kanila*.

Kanino ang pitaka?

Akin ang pitaka./Ang pitaka ay akin.

Minsan ang panghalip na **kanino** ay katumbas ng *to whom, for whom, o from whom*.

Kanino inalok ang posisyon sa kompanya?

Kay Tony inalok ang posisyon sa kompanya./Inalok ang posisyon sa kompany kay Tony./

Sa kaniya inalok ang posisyon sa kompanya./Inalok sa kanya ang posisyon sa kompanya.

Kanino ka magpapaalam?

Kay Tatay ako magpapaalam./Magpapaalam ako kay Tatay./

Sa kaniya ako magpapaalam./Magpapaalam ako sa kanya.

Kanino sila hihingi ng paumanhin?

Kay Ginang Gomez sila hihingi ng paumanhin./Hihingi sila ng paumanhin kay Ginang Gomez./

Sa kaniya sila hihingi ng paumanhin./Hihingi sila ng paumanhin sa kaniya.

Kanino galing ang mga bulaklak?

Kay Eduardo galing ang mga bulaklak./Ang mga bulaklak ay galing kay Eduardo.

Ang **nino** (*whose*) ay isang panghalip na ginagamit sa pagtatanong kung sino ang may-ari ng isang bagay. Ginagamit ito sa gitna ng pangungusap at hindi sa simula ng pangungusap na patanong tulad ng **kanino**. Ang **nino** ay ginagamit bilang panghalili sa pariralang pangngalan na nagsisimula sa *ni*.

Ang salitang **nino** ay maaari rin gamitin bilang panghalili sa panghalip na panao na nagsasaad ng pag-aangkin (o pagmamay-ari) ng isang bagay tulad ng *ko*, *mo*, at *niya*.

Singsing nino ang hawak mo?

Singsing ni Sarah ang hawak ko./Hawak ko ang singsing ni Sarah.

Singsing niya ang hawak ko./Hawak ko ang singsing niya.

Sasakyan nino ang nakaparada sa labas?

Sasakyan ko ang nakaparada sa labas./Nakaparada sa labas ang sasakyan ko.

## **Alin**

Ang salitang **alin** (*which/which one*) ay isang panghalip na ginagamit sa pagtatanong upang maitukoy ang isang bagay mula sa isang pangkat ng mga bagay. Minsan ay ginagamit din ang panghalip na **alin-alin** (*which ones*) kung higit sa isang bagay ang tinatanong.

Dahil ang **alin** ay isang panghalip, ito ay ginagamit bilang pamalit sa mga pariralang pangngalan (*noun phrases*) kung saan ang pangngalan ay isang bagay lamang. Ang mga pariralang pangngalan na pinapalitan ng **alin** ay nagsisimula sa *ang*.

Tulad ng salitang **ano**, ang **alin** ay maaari rin gamitin bilang pamalit sa mga panghalip na pamatlig na *ito*, *iyon*, at *iyon*.

Ipinapakita sa mga halimbawa sa ibaba ang pariralang pangngalan o panghalip na pamatlig na pinapalitan ng salitang **alin**.

Alin ang gusto mong bilhin, ang pantalon o ang palda?

Ang palda ang gusto kong bilhin./Ang gusto kong bilhin ay ang palda.

Ito ang gusto kong bilhin./Ang gusto kong bilhin ay ito.

Alin ang pinili ni Gabby, ang kuting o ang tuta?

Ang tuta ang pinili ni Gabby./Ang pinili ni Gabby ay ang tuta.

Iyan ang pinili ni Gabby./Ang pinili ni Gabby ay iyon.